BC CANCER CERVIX SCREENING
Provincial Health Services Authority

# Loop Electrosurgical Excision Procedure (LEEP)

Sinasagot ang iyong mga tanong tungkol sa LEEP

**Kung nakatanggap ka ng isang abnormal na resulta sa iyong colposcopy, maaaring irekomenda ng iyong health care provider na magpagawa ka ng loop electrosurgical excision procedure, na karaniwang tinatawag na LEEP.**

Sa LEEP, tinatanggal ang abnormal tissue mula sa iyong cervix gamit ang isang manipis na wire loop.
Ito'y karaniwang ginagawa sa loob ng walong linggo pagkatapos ng diyagnosis. Mahigit sa 90% ng mga indibidwal ang mangangailangan ng iisang LEEP upang tanggalin ang anumang abnormal tissue.

**Ano ang mga panganib ng LEEP?**
May maliit na posibilidad ng grabeng pagdurugo o impeksyon pagkatapos ng LEEP. Mangyaring kontakin ang iyong health care provider kaagad kung napansin mo ang alinman sa mga sumusunod: mas grabeng pelvic pain, grabe o matagal na pagdurugo, lagnat, o mabahong lumalabas na discharge mula sa ari-arian.

Batay sa mga pag-aaral na kamakailan lamang isinagawa, ang iyong kakayahang mabuntis ay hindi naaapektohan ng LEEP. Maaari nitong dagdagan ang posibilidad ng mga komplikasyon sa pagbubuntis, tulad ng miscarriage o paglaglag, at panganganak bago umabot ng full term ang iyong sanggol. Mangyaring kausapin ang iyong health care provider upang matugunan ang anumang mga alalahanin.

Sa mga bihirang kaso, maaaring kumitid ang puerta ng iyong cervix dahil sa LEEP; ito'y tinatawag ding cervical stenosis.

**Ligtas bang magpa-LEEP kung ako'y buntis?**
Mangyaring abisuhan ang iyong health care provider kung ikaw ay buntis. Maaaring gawin ang LEEP sa maraming kaso pagkatapos ipanganak ang iyong sanggol.

**Ano ang nangyayari kapag ginagawa ang LEEP?**
1. Titingnan ng isang espesyalista ang iyong cervix gamit ang isang special microscope na tinatawag na colposcope.
2. Maglalagay ng kaunting suka o iodine sa iyong cervix upang mas madaling makita ang anumang abnormalities.
3. Pagkatapos ay gumagamit ng local freezing upang gawing manhid ang cervix. Ang ilang mga tao ay nakakaramdam ng parang kurot o cramps pagkatapos ng freezing. Ang tibok ng iyong puso ay bibilis nang kaunti dahil sa gamot na ginamit sa freezing, pero hindi ito delikado at ito'y mawawala makalipas nang ilang minuto.
4. Pagkatapos ay gagamit ng manipis na wire loop upang tanggalin ang abnormal tissue. Ang procedure ay karaniwang nagtatagal nang wala pang limang minuto.
5. Upang bawasan ang anumang pagdurugo, maaaring maglagay ng kulay brown na paste sa iyong cervix. Ang paste ay lalabas pagkatapos at ito'y magiging mukhang kulay brown o itim; normal lamang ito.

Manood ng video tungkol sa LEEP: www.screeningbc.ca/cervix

**Ano ang mangyayari pagkatapos ng aking LEEP?**
Ang karamihan ng mga indibidwal ay walang mga sintomas pagkatapos ng LEEP. Kung mayroon kang cramps, maaari kang gumamit ng gamot para sa kirot tulad ng plain acetaminophen (Tylenol®) o ibuprofen (Advil®) para bigyang-ginhawa ang pananakit. Maaaring makaranas ka ng cramps, kaunting pagdurugo mula sa ari-arian, o matubig na vaginal discharge nang ilang mga linggo. Iwasan ang paggamit ng tampons, swimming, paggamit ng bathtub, o pakikipagsex nang tatlong linggo.

At iwasan din ang pagbuhat ng mabibigat o ang mabigat na ehersiyo nang isang linggo. Kakausapin ka ng iyong health care provider tungkol sa iyong mga resulta sa loob ng tatlong linggo ng procedure. Mangyaring kontakin ang iyong health care provider kung hindi ka pa niya kinokontak. Karaniwang inirerekomenda ang isang follow-up appointment anim na buwan pagkatapos ng iyong LEEP.

## Ang Iyong Follow-Up

**Ano ang mangyayari sa aking follow-up appointment?**
Karaniwan ay magkakaroon ka ng follow-up colposcopy anim na buwan pagkatapos ng iyong LEEP. Kukuha ang isang espesyalista ng maliit na tissue sample (biopsy) at gagawa siya ng test upang mag-check para sa HPV. Ang HPV test ay parang nagpapa-Pap test.

Ginagamit ang HPV test upang tiyakin kung nangangailangan ng karagdagang follow-up, o kung makakabalik ka sa routine screening (Pap test) sa iyong pangunahing health care provider.

| Ano ang mangyayari kung normal ang aking follow-up tests? | Ano ang mangyayari kung abnormal ang aking follow-up tests? |
|---|---|
| Kaunting-kaunti ang iyong risk na bumalik ang abnormalities kung ang iyong biopsy at HPV test results ay normal. Dapat patuloy mong puntahan ang iyong pangunahing health care provider para sa cervix screening (Pap test). | Mangangailangan ng pangalawang LEEP kung ang biopsy na kinuha sa iyong follow-up appointment ay may high grade cell changes sa cervix. Patuloy kang imomonitor ng colposcopy clinic kung mayroon kang abnormal HPV test result pero normal ang iyong biopsy result. |

## LEEP at HPV

**Matatanggal ba ng LEEP ang HPV?**
Maaaring tanggalin ng LEEP ang cells sa iyong cervix na naglalaman ng human papillomavirus (HPV). Bukod pa rito, ang mga impeksyon sa HPV ay maaaring mawala sa tulong ng immune system ng iyong katawan. Ikaw ay ite-test para sa HPV pagkatapos ng iyong LEEP.

Ang mga indibidwal na may normal HPV test pagkatapos ng LEEP ay may kaunting-kaunting risk na magkaroon ng karagdagang high-grade cell changes (cervical intraepithelial neoplasia grade 2 o 3) sa darating na panahon. Ang mga indibidwal na may abnormal HPV test ay may mas malaking risk na babalik ang high-grade cell changes; mangangailangan ito ng karagdagang follow-up.

**Maaari bang magkaroon ng HPV ang isang partner pagkatapos ng treatment?**
Bagamat ang karamihan ng mga couple ay may parehong uri ng HPV, posibleng maimpeksyon mula sa pamamagitan ng pakikipag-sex.

**Ako'y nagpagamot na para sa cervical o genital disease na may kinalaman sa HPV; kailangan ko pa ba ang HPV vaccine?**
Oo, kahit na nagkaroon ka na ng mga sakit na may kinalaman sa HPV, inirerekomenda pa rin ang HPV vaccine. Proprotektahan ka nito mula sa mga uri ng HPV kung saan hindi ka pa nalalantad at mababawasan nito ang posibilidad ng mga sakit na may kinalaman sa HPV sa darating na panahon. Ang mga impeksyon sa HPV sa nakaraan ay hindi rin naman magproprotekta sa iyo laban sa impeksyon sa darating na panahon, kahit sila'y parehong uri ng HPV.

## Kontakin Kami


BC Cancer Cervix Screening
801-686 West Broadway Vancouver, BC V5Z 1G1

Telepono: 1-877-702-6566
Email: screening@bccancer.bc.ca
Web: www.screeningbc.ca/cervix



Ang iyong personal na impormasyon ay kinokolekta at protektado mula sa di-awtorisadong paggamit at disclosure (pagsisiwalat sa iba), alinsunod sa Personal Information Protection Act (Batas Ukol sa Proteksyon ng Personal na Impormasyon) at kapag naaangkop, sa Freedom of Information and Protection of Privacy Act (Batas Ukol sa Kalayaan ng Impormasyon at Proteksyon ng Pagka-pribado). Ang impormasyon na ito ay maaari lamang gamitin at ibunyag sa iba alinsunod sa nakalaan sa mga Batas na iyon, at ito'y gagamitin para mapamahalaan ang quality assurance; ito'y ibubunyag sa healthcare practitioners na nagbibigay ng pangangalaga, o kapag iniutos ito ng batas. Kung may anumang mga katanungan hinggil sa pangongolekta ng BC Cancer ng impormasyon, ipadala ito sa Operations Director, Cancer Screening (address: 801 – 686 West Broadway, Vancouver BC V5Z 1G1, web: www.screeningbc.ca or email: screening@bccancer.bc.ca).